

RESEARCH ARTICLE

Lakas ng Feministang Makabayan Laban sa Patriyarkang Diktadurya ng Imperyo: Pagsubok sa Interpretasyon ng *Dekada '70* ni Lualhati Bautista

E. San Juan, Jr.
Emeritus Professor, University of Connecticut
philcsc@gmail.com

Abstrak

Ang *Dekada '70* ay dokumentong historikal at mala-alegorikong testimonya ng karanasan ng medya-klaseng tagalungsod noong panahon ng diktaduryang Marcos. Nakakintal sa salaysay ng isang ina-asawa, Amanda Bartolome, ang pakikipagsapalaran ng kolektibong memorya at pag-asa. Sa realistikong pagsasadula ng ideolohiya ng maternidad, nilikha ni Bautista ang isang maramdaming salaysay ng pagpupunyagi ng ina/asawang isagawa ang ritwal ng malayang pag-asal na sumusuri sa patriyarkong awtoridad at imperyalistikong gahum. Gamit dito ang konsepto ng kontradiksiyon ng publiko-pribadong paghahati sa lipunan upang linawin ang diyalektika ng politikang seksuwal sa pagitan ng kalayaang personal at pagsisilbing pampamilya. Hinahamon ng proyekto ni Bautista na gawing makabayan ang mapagpalayang sikap ng kababaihan, ang ortodoksiyang peminismo at krudong materyalismo, habang inilalantad ang limitasyon ng kulturang popular na nabalaho sa melodramatiko't sentimentalismong kargada nito.

Mga susing salita: pamilya, kasambahay, ideolohiya, maternidad, trabaho, diktadurya, patriyarka

The Power of Nationalist Feminism Against The Empire's Patriarchal Dictatorship: Toward an Interpretation of Lualhati Bautista's Dekada '70

Abstract

Dekada '70 is both a historical document and a quasi-allegorical testimony of the urban middle-class' experience in one decade of Marcos' authoritarian rule. Episodic narration by wife-mother Amanda Bartolome stages the vicissitudes of collective memory and localized hopes. In a realistic rendering of how the ideology of motherhood operates, Bautista constructs a poignant chronicle of one-woman's performance of nuanced rituals of self-emancipation that question patriarchal authority and imperial hegemony. The concept of the contradiction of public-private spheres in life serves to elucidate the dialectic of an emergent sexual politics in the heroine's struggle to mediate between personal freedom and conjugal servitude. Bautista's project of Filipinizing women's liberation challenges both orthodox feminism and vulgar materialism while unwittingly exposing the limits of popular melodrama and nativist sentimentalism.

Keywords: family, domesticity, ideology, maternity, labor, dictatorship, patriarchy

*Isinagawa namin ang napagkasunduan namin bilang malayang sambayanan, at ang kapangyarihan ay katalik ng bayan...Walang paghihimagsik na nalalaos. Bawat isa ay hakbang sa wastong direksiyon...
—Salud Algabre, lider ng insureksiyong Sakdalista 1936*

*Maapoy na tanglaw / tungo sa liwayway / Sandigang bato / Lupang bukal ng lakas / sa digma, / katabi sa labanan at / alalay sa tagumpay / Ang ina ko.
—Maria Lorena Barros*

*Today, the politicized woman writer is no longer just wife and mother. She has become a real citizen as well. She has long stopped aching for a room of her own. The streets, the demos, the rallies, and the picketlines have become part of her world. She has become committed.
—Lualhati Bautista*

Sa eleksiyong Mayo 2022, bantang bumalik ang diktaduryang Marcos—ang madugong bangungot ng terorismo’t pagdurusa ng sambayanang inilarawan sa *Dekada ’70* ni Lualhati Bautista—sa kandidatura ng anak ng diktador. Panganib na dapat liwanagin. Tila walang gunita ng nakalipas ang madla, o walang memorya ng nagdaan ang henerasyong milenyal. Kung wala tayong natutuhan sa historya, marahil haharapin muli natin ang sindak at pighating susulpot sa guwang ng ating kamalayan. Isang dahilan ito upang balik-tanawin natin ang halaga’t signipikasyon ng mga dokumentong nagtatala ng mga pangyayari noong panahon ng batas militar. Isang masining na testimonyo ang nobela ni Bautista na susuriin sa kritikang ito

Paunawang Kontekstuwal

Bago pa naisapelikula ang *Dekada ’70*, kilalala na si Lualhati Bautista sa naunang nobelang *Gapo* (1980), ilang premyadong kuwento, at iskrip ng *Sakada* (1976)—ang sinematikong rekord na kinumpiska ng militar at hanggang ngayo’y ipinagbabawal. Lalo siyang sumikat sa makasaysayang nobela ng panahon ng diktaduryang US–Marcos. Mahihinuha na inihudyat ng nobela ang pagputok ng pag-aalsang EDSA, bunga ng maraming protesta na itinala sa nobela bago pa maganap ang pagpaslang kay Senador Benigno Aquino.

Kaiba sa nobela, nagwakas ang pelikula sa pakikiramay ng pamilyang Bartolome sa burol ni Ninoy, na tuluyang bumulaos sa pagbuwag ng awtoritaryang rehimen. Natapos ang nobela sa matinik na tuligsa sa World Bank at kapitalismong global. Ang kritikang isinatinig ng nagbanyuhay na

ina/asawa ay isang panawagang demandang nagsindi ng himagsikang ibinandila sa rali ng libo-libong mamamayang handa nang pumatay, sa halip na mamatay (makikita alinsunod sa ginawang rebisyon sa pambansang awit). Giit ni Amanda na tila nagkumpisal sa kaniyang mataimtim na kausap—tayong mambabasa na naging *confidante* niya: “Ang sambayanan ay di na martir kundi rebelde!” (220). Naging personipikasyon ng bansa ang protagonistang sinubaybayan natin.

Bilang protagonistang tipikal na tumatahi sa katangiang partikular at unibersal, si Amanda ay tagapagsalita o tribuna ng simbuyong kababaihan. Kung paano namukod siya’t naging aktuwalisasyon ng hinagap ng kaniyang mga kapanalig, ang primaryang mensahe ng *Dekada ’70* na tatalakayin dito. Nagtapos ang nobela sa petsang ika-21 Setyembre 1982, isang dekada mula proklamasyon ng martial law noong Setyembre 1972. Nagwagi ng natatanging gantimpala sa Palanca noong 1982–83 ang nobela at naging isang makasaysayang muhon sa kilusang anti-diktadurya’t anti-imperyalista.

Pinaglangkap dito ang imahinasyong realistiko at diwang mapanghiwatig. Nakalikha ng isang malamang “alegoryang pambansa,” sa tiyak na depinisyon ni Fredric Jameson. Bagama’t maraming diskurso tungkol sa «People Power» rebelyon (halimbawa, Bonner; Javate-de-Dios), namumukod ang likhang-sining ni Bautista sa pagpapaloob ng mga pangyayaring historikal sa naratibo ng pagkamulat ng pangunahing tauhan, ang inang Amanda Bartolome—dati’y matimpi at kimi, kalauna’y makulit at mataray, propetikong signos ng peministang palaban (Siapno; Libed; Reyes; San Juan).

Salamin ng Katotohanan

Ano ang batayang ebidensiya ng nobela? Inilimbag nitong 2016 ang reportage ni Bautista sa librong *Hinugot sa Tadyang*. Ulat ng mga nakagigimbal na pangyayari noong dekada 1970–1980 ang buong Ikalimang Bahagi ng libro kung saan idinetalye ni Bautistang ang kapaligirang ekonomiyang pampolitika at sirkunstansiyang partikular sa batas militar. Itinala ang tortyur ni Liliosa Hilao at barbarikong karanasan ng maraming biktima: “Dahil ang karahasan ay walang pinipiling kasarian. May bonus pa sa babae: rape. Gang rape. Habang nakatali nang padipa ang mga kamay at mga paa nila” (209). Itinampok ni Bautista sa nobelang *Desaparesidos* ang mga eksenang nakaririmarim na sumagi’t sumaklot sa gilid ng kamalayan ni Amanda habang balisa sa sinapit ng mga anak sa kanilang pakikilahok. Bagama’t *empathy* lamang, halos ang ina na rin ang ibinilanggo’t pinagdusa.

Mapapansin na hindi laging nakasentro sa tanghalan ng naratibo ang babaeng gumaganap ng papel ng ina’t asawa. Pambihira ang akademikong kritika na tumatalakay sa sitwasyon ng isang ina sa panahon ng krisis. Natatangi ang akda ni Rose Torres-Yu (“Re-imahinasyon”) na dumadaliri sa temang ito sa mga babaeng manunulat bukod kay Bautista tulad nina Genoveva Edroza-Matute, Liwayway Arceo, atbp. (Nasuri ko na ang mga nobelang *Bata, Bata... Pa’no Ka Ginawa?* at *Desaparesidos* kaya mungkahi kong konsultahin iyon kung kailangan pa ng madetalyeng argumento (San Juan). Gayunman, karamihan sa mga komentaryo sa Internet ay testigo sa mensahe ng nobela tungkol sa “*sexual inequality*” at “*sexual injustices*” (halimbawa, Magpoc, Libed) na sinasagisag ng sitwasyon ng matimpi’t mapagkalingang ina at masunuring asawa.

Dalumat nating masinsinan ang predikamento ng babae rito. Si Amanda ay isang subordinadong babaeng taglay ang namumukod na birtud bilang isang kasapi sa *genus-species* ng *homo sapiens*. Sanhi ng historikal na pagkakakulong niya sa isang piyudal na ordeng panlipunan, kailangan niyang lumaban upang makilala at lumaya bilang isang taong may dignidad at kasarinalan, sampu ng masaganang potensiyal na lumikha ng bagong identidad angkop sa bagong sitwasyong inilaladlad ng mga pangyayari sa kapaligiran.

Hinabi ni Bautista ang makrokosmong kasaysayan ng bansa sa mikrokospikong buhay ng isang pamilyang

ginagabayan ng patriyarkong ugali’t tradisyonal na halagahan. Nagkamit ng signipikasyon ang obhetibong daloy ng kasaysayan sa kongkretong galaw, isip, damdamin, at hinagap sa paglalarawan ng tipikal na babae/asawa/inang dumanas sa buhay ng isang panggitnang-uring pamilya sa Maynila noong 1972–1982. Sa gayon, ang nobela’y isang paggunita sa nakalipas, babala sa lagim ng kasalukuyan, at testimonya sa panganib at pangako ng hinaharap. Samakatwid, hindi lang imbensiyon ng guniguni ang nobela kundi dokumentong historikal at testimonyo ng sambayanang lumilikha ng sariling kapalaran, samakatwid isang awtentikong alegoryang pambansa.

Nilagom na Layon ng Talakay

Simple lamang ang kuwentong nakapaloob sa nobela. Nasangkot ang mga anak nina Julian at Amanda Bartolome sa krisis ng bansa, sa paglahok sa panig ng mga uring tutol sa martial law/lumang sistemang piyudal-kapitalista. Tutol din sila sa US, imperyalismong sumusuhay sa neokolonyang orden. Napilitang mag-isip si Amanda at tuloy siyang nakahulagpos sa pribadong espasyo ng tahanan. Hinamon niya ang tradisyonal na estruktura ng pamilya, at ang lumang kaugalian ng asawang sumasagisag sa patriyarkong kodigo. Sa wakas, napilitan ang asawang tanggapin ang naganap na transpormasyon: nag-asal maramdamang mamamayan sila, hindi lang makasariling peti-burgis na sinisikil ng alyenasyon ng kanilang buhay na lakas-paggawa sa mga komoditi, salapi, at anupamang nabibiling bagay na halimbawa ng “*estranged alienated labor*,” pribadong pag-aari, sa bansag ni Marx (117–18).

Isang komplikadong paksa ang sisikaping linawin dito: Paano nagbago ang sitwasyon at karakter ng isang ina/babaeng asawang masunurin at tradisyonal ang sensibilidad? Sa kombensiyonal na opinyon, kailangan muna ang edukasyon at transpormasyon ng isip at kaalaman ng babae. Sa iba, kailangan ang damay o *empathy* ng asawang lalaki upang maging kapantay sa karapatang makatao ang babae’t makakilos sa larangang labas sa domestikong gawain. Sa daloy ng naratibo, napatibayan na ang praxis ng pagbabago ng tao’t lipunan ay nangyayari di man natin pigilin: malimit nagsasabay ang pagbabago ng isip, relasyong panlipunan ng mga tauhan, at dibisyon ng gawain sa loob at labas ng tahanan. Patunay rin ito sa tesis ni Marx na ang identidad ng indibidwal ay kalakip sa mismong ugnayang panlipunang kinabibilangan niya,

at naisasakatuparan ito sa paraan ng “*revolutionary practice*” o mapagpalayang praktika (“Thesis” 144–45).

Mahusay na nailarawan ang abstraktong tesis ni Marx sa nakaaantig na banghay ng salaysay. Sa naratibo ng mga pangyayaring yumanig sa pamilya nina Julian at Amanda Bartolome, ang pagbabago ng subordinadong katayuan ng babae ay nagmula sa krisis ng sistemang neokolonyal: ang pagbuwag sa demokratikong porma ng pamahalaan sa pamamagitan ng diktadurya batay sa martial law (nilagom ito ni Bautista sa *Hinugot sa Tadyang*). Hinamon ito ng nasyonalistiko-demokratikong kilusan ng Partido Komunista at Bagong Hukbong Bayan, sampu ng mga progresibo’t radikal na organisasyong kaalyado nito. Nasangkot ang mga anak nina Julian at Amanda Bartolome, naputol ang karaniwang palakad, napilitang iakma ang dibisyon ng gawaing domestikong upang matulungan ang lalaki sa tungkuling alagaan ang mga anak. Sa puwang na ito sumingit ang birtud ng damdamin, kaisipan at afektibong kasanayan ng babae, si Amanda, upang alamin ang problema ng dimakatarungang dahas ng Estado at mapag-aralan kung paano maipagtatanggol ang karapatan ng mga anak, na siya ring karapatan ng lahat ng mamamayan sa isang makataong lipunan.

Mahihinuha na unti-unting natuto si Amanda, nabatid ang karupukan ng lalaking asawa, at tuluyang natulak magbuo ng desisyong kumilos sa mundong etikal at moral. Kapuwa bunga iyon ng nagbagong sitwasyon at nabinbing simbuyong harapin ang kapakanan at kaligtasan ng mga anak na simbolo ng bayan. Humigit ito sa ideolohiyang maternidad sapagkat pumagitna si Amanda sa entablado ng sosyedad sibil, sa publikong pakikipaglapan, hindi lamang bilang ina kundi bilang mamamayan, ibig sabihin, hindi lamang burgis kundi bonafide citizen. Sa semiotikang mapa ng mga puwersang naglalaro sa krisis ng lipunan at ng pamilyang Bartolome (tunghayan ito sa ibaba), mapapansin na ang kontradiksiyong babae-versus-lalaki ay naisilid sa malawakang kontradiksiyon ng negatibong puwersa ng diktadurya-imperyalismo at solidaridad ng malikhaing kabataan (sina Mara, Jules, Rene, atbp). Taliwas na ito sa melodramatikong ritmo ng panitikang popular na umiiwas sa seryosong analisis ng mga isyung etikal-moral na nakayayamot o nakaiinis sa ordinaryong mambabasa (nasuri ni Bautista ang *stereotype* ng mga romansang naisulat niya, sa nobelang *Sonata*).

Mapupuna rin na ang paglusaw sa paghahati ng publiko-pribadong (burgis versus mamamayan) espasyo ng lipunan, nalutas ang kontradiksiyong bumagabag kay Evelyn, na gumanap na simbolo sa paradoha o ambigwidad ng kababaihang pinagpapaligsahan ng magkatunggaling lakas: sumunod sa patriyarkang orden o umalpas doon at lumaya bilang nilikhang may kasarinlan, potensiyal na galing, at dignidad na dapat kilalanin at pagpugayan (tunghayan ang diyagrama sa ibaba). Sa masukal na dilemang ito ng kababaihan umiikot ang masalimuot na tema’t usapin ng krisis ng neokolonyang Filipinas sa buong talambuhay.

Panahon ng Lugar, Lunan ng Panahon

Karaniwan, nais kalimutan ng mga nasaktan ang hirap ng naranasan. Marami ang ayaw magmuni sa mga sakuna. Kahit burahin sa gunita ang krisis na ipinataw ng diktaduryang US–Marcos, malalim ang sugat nito (McCoy; IBON). Sanhi ng mahigpit na lason ng komodipikasyon ng katawan at kaluluwa, wala na tayong memorya at tuluyang nalusaw na rin ang damdaming makibahagi. Isang halimbawa: ang pihikang memorya o apologia ni Leon Maria Guerrero ay naisingkaw sa paghingi ng tawad, at pagluhog ng rasyonalisasyon sa krimen ni Marcos—kaawa-awang pagsakripisyo ng anumang bait o katinuang nalalabi.

Gumagala pa ang mga zombie ng diktadurya. Maraming beterano ng “Bagong Lipunan” na bumubuwelo pa rin ngayon. Patuloy nilang inaalipusta ang dangal ng sambayanan at mga bayaning nag-alay ng kanilang buhay sa walang hintong pakikihamak upang makamit ang hustisya, demokrasya, at tunay na kasarinlan. Gayunman, bumabangon din ang mga puwersang progresibo’t nasyonalistiko sa hanay ng mga kabataan, estudyante, kababaihan, at mga Lumad.

Nang pumasok tayo sa milenyum, sa loob ng 2001–2009, nagkaroon ng 1,118 EJK, 204 sapilitang pagdukot, 1,026 biktimang tinortyur, 1,946 taong inaresto nang walang legal na batayan, at 255 bilanggong politikal sa palsipikadong dahilan (Lefebvre). Nakakikilabot nga: sa 3,257 biktima ng diktadurya, 2,520 ang tinortyur at ginutay. Noong 7 Agosto 2016, inutos ni Pangulong Duterte na parangalan ang diktador sa paglilibing ng labi sa Libingan ng mga Bayani (Flores).

Tila nagbanyuhay ang diktador sa katawan ni Duterte at sa tiwaling pamamalakad ng rehimen. Lumubha ang krisis ng neokolonya sa pagmumulto ng diktadurya sa pasistang rehimen na di umano’y

isinumpa ng bangkaroteng globalisasyon na umaasa palagi sa pagsaklolo ng imperyalistang Amerika at ngayon, sa pangungutang sa Tsina.

Sa kasagsagan ng pandemya, matatanggap kaya itong paglapastangan sa bayan na hanggang ngayon ay dumaranas ng parusa? Sa nakaraang tatlong dekada ng pamumuno ng bagong diktador, mahigit 8,000 biktima ng gera kontra droga ang naiulat. Umaabot na sa 20,000 (sa kalkulasyon ng UN Human Rights Commission), karamihan sa mga *suspected drug user* ay mga kabataan. Nitong 2012–2020, di kukulangin sa 624 tao ang hamig ng “*extra-judicial killings*” (Robertson). Masahol pa ang mga tagpong ito sa mga kapahamakan at pinsalang itinala sa nobela.

Bukod sa mapanlinlang na pagdakila sa diktadurya sa ilang teksbuk, walang halos memorya sa terorismo ng batas militar ni Marcos ang bagong henerasyon na tinaguriang “*millennials*.” Ang nobelang tampok sa pagsusuri ay makabuluhang ambag sa pagwawasto ng laganap na pambabaluktot at pagrebisyon sa kasaysayan. Maaaring magsilbing lunas din sa amnesyang sumisira sa prestihiyo ng kulturang Filipino at reputasyon ng mga Overseas Filipino Workers (OFW) at iba pang *expatriates* saan mang lupalop ng daigdig. Gamot ito sa pagpapagaling ng nabalahong budhi at kaisipan, ng kaluluwang dinahas at napariwara. Magsisilbing tulay ito mula sa krisis ng dekada ’70 hanggang sa madugong kasalukuyan, pinatindi ng mga oligarkong dinastiya, ng mga oligarkong nagmamaniobra sa kongreso, korte, militar, at buong burukrasya ng neokolonyang lupain.

Matalas ang tuligsa ng awtor sa patriyarkong orden at makinaryang pang-ideolohiya nito. Higit na maiaangkop ito sa maskulinistang praktika ni Duterte. Litaw na litaw na gamay na sa kasalukuyang administrasyon ang tahasang paglait at pag-insulto sa kababaihan, gaya ng tahas at mahalay na banta sa mga babaeng kasapi ng New People’s Army (NPA) na: «*Shoot ‘em in the vagina,*” at iba pang kabastusan. Samakatwid, hindi lamang sumbat ang nobela kundi sandata rin sa pagkatuto ng praktika/doktrinang sumusuhay at sumusulsol sa mapagsamantalang paghahari ng oligarkiyang patuloy na nagpaparusa sa bayan mula pa noong dekada ’70. Aliw sa kabatiran at intuwisyon ng katotohanan at katwiran ang pakay ng pagkukuro rito, isang ritwal na paghahanda sa pagsilang ng teorya ng rebolusyonaryong praktika (tungkol sa ritwal bilang binhi ng sining, konsultahin ang eksposisyon ni George Thomson).

Oryentasyon sa Kritika

Kritika at analisis ng kontradiksiyon ng uri at kasarian ang uusisain sa papel na ito. Hindi lamang galak na dulot ng salaysay o lohika ng tauhang nakikisalamuha ang dapat isaisip. Pagmumunihan din ang inatupag ng awtor hinggil sa operasyon ng ideolohiya sa panitikan. Bagama’t temang politikal ang natukoy ko sa panimulang puna, nagtataglay ito ng isang estetiko’t etikal na ipotesis na susubukin sa pagsusuri. Sumusunod ito sa tesis ni Marx na ang esensiya o buod ng tao ay hindi hiwalay sa pakikipagkapuwa niya. Sipiin natin ito: “*The human essence is no abstraction inherent in each single individual. In its reality it is the ensemble of the social relations*” (Reader 145). Hindi iyon abstraksiyon o ideyang espiritwal, o namumukod na penomena, kundi kongkretong bagay. Nakalakip sa relasyong sosyal o ugnayang panlipunan ang identidad ng bawat indibidwal.

Panimulang pansinin ang himutok ni Amanda na hindi niya alam kung sino siya. Simula iyon ng interogasyon ng kalagayan ng kaniyang kapaligiran. Upang matarok kung ano ang sitwasyon ng bawat tao, kailangang maisakonteksto iyon: kailan, saan, anong bansa o teritoryo, kailang siglo o yugto ng panahon, anong uri o grupo ang kinabibilangan niya, atbp. Sa madaling sabi, dapat matiyak ang sapin-saping dimensiyong nagdudulot ng tiyak na pagkakilanlan. Dagdag pa, kailangan mapagtantong maigi ang dinamikong proseso ng praktika, saloobin, ideya, at iba’t ibang puwersang nagsasalimbayan at nagtitiyap sa pagkatao/identidad ng bawat nilalang.

Madaling maisulat dito ang mga konseptong nabanggit, ngunit mahirap maisadula sa partikular na eksenang pinagtagni-tagni. Kailangan ang mahusay na balangkas na mag-aayos ng masalimuot na pangyayari. Naturol natin ang karaniwang problema ng mag-asawa sa pag-alaga’t pagtuturo sa mga anak. Ngunit bakit natatangi ang paglutas nila sa problema?

Madaling lagumin ang nobela alinsunod sa matutunghayang pangyayari, ngunit mahirap ilahad ang simbolikong kahulugan at ipalagay ang halaga nito sa ating pagsisikap na mabatid ang layon ng akda (baka makatulong ang iskemang inihapag sa ibaba). Paano hinarap ng magulang ang pagkakasangkot ng mga anak sa lipunan? Paano naunawaan ang kanilang relasyon sa mga babaeng naakit, ebidensiya ng tinaguriang pagpapalitan ng mga babae (*exchange of women*)? Paano napakiramdaman ang epekto ng paglisan nila,

kaakibat ng pahiwatig na sila’y nilikhang may sariling pagpapasiya na? (Hinggil sa peministang lapit o dulong sa paglilinaw ng mga maaaring isagot sa mga tanong, sangguniin sina Vogel, Hartsock, Figes).

Sanhi sa mababang pagtingin ng madla sa popular na literatura, nais ding talakayin sa papel ang isyung ito. Bukod sa nakalulugod na tagpo at nakalilibang na engkuwentro ng mga tauhan, anong kaalaman o kabatiran tungkol sa lipunan ang idinudulot ng nobela? Pinukaw tayo ng mga awayan ng magulang at anak—ordinaryong paksa ito—ngunit paano naiiba ang naratibo ni Bautista? Anong mapanghamong perspektiba sa buhay ang ipinahihiwatig ng pagkikipagsapalaran ng pamilyang Bustamante, partikular ang dalumat at danas ni Amanda Bustamante? Tuwirang matutugunan ang mga tanong sa mismong pagbasa ng nobela at masidhing pagmumuni-muni sa bawat pangyayaring isinadula.

Nakaaantig din ang manipulasyon ng anggulo o punto-de-bista. Sangkot dito ang diyalektika ng lapit at distansiya, ang simpatya o pag-ayaw, sa malay-babaeng tumatanglaw sa kaligiran. Mahalagang pagtuunan ng kilates ang medyasyon ng dalawang magkasalungat na panig ng inaapi (kababaihan) at panig ng nagsasamantala (ama/lalaking burgis), ang kategorya ng produksiyon ng bagay na ipinagpapalitan sa merkado (komoditi) at reproduksiyon ng relasyon ng mga hinlog at kasangkot sa lipunang minamasdan.

Hinabing Udyok ng Danas

Hugis kronika ang paraan ng paghahanay ng mga karanasan. Sumasaklaw sa dekadang 1972 hanggang 1982 ang mga pangyayaring tinunghayan, partikular ang krisis na bunsod ng batas militar at pasistang pamumuno ni Marcos, at mga kasabwat sa burukrasya’t negosyo. Nangingibabaw ang puwersang militar, lalo na ang Philippine Constabulary (PC) at Armed Forces of the Philippines (AFP). Kapuwa pinatatakbo ng imperyalismong US at patriyarkong ugali/kaisipang hango sa kodigong piyudal ang mga normatibong institusyon sa lungsod. Kabilang dito ang eskuwelahan, korte, bilangguan, opisina, at tirahan ng mga petiburgis at gitnang uri, tulad ng subdivision ng mga Bartolome. Walang espasyo sa sosyedad sibil ang hindi sakop ng alyenasyon ng trabaho sanhi sa di-pantay na paghahati ng gawain at paghahari ng pribadong-ari, at sa gayon ang kawalan ng katarungan at tunay na demokrasyang popular.

Kapuwa realistiko at alegorikong motibasyon ang tumahi sa mga tauhan at tipikal na asal. Itinuon ang pokus ng pagmamasid ng tagapagsalaysay sa isang pamilya, sa loob ng kanilang tahanan, at mga kapitbahay sa mala-mariwasang pook ng Maynila. Bagama’t nakasentro sa panggitnang uri, damay nila ang uring oligarkiya at uring proletaryo sa kapuwa gilid. Tumatayo ito bilang representasyon ng buong lipunan at mga uring nagtatagisan, sampu ng kompetisyon ng programa ng simulain at adhikain.

Sa loob ng salaysay, inilangkap sa kongkretong sirkunstansiya ang aksiyon ng mga tauhan. Sa nakatambad na malay ni Amanda, ang tagapagsalaysay, namamalas ang lahat. Preokupasyon ng nobela ang maselan at gipit na sitwasyon ng kababaihan na kinatawan ni Amanda. Emblematico siya ng luma at makabagong tendensiya sa malay na kababaihan. Nailagom ni Elizabeth Eviota ang predikamento ng ganitong pangkat: “*Through various transformations in Philippine economic and social life, the intersection of sex and political economy has privileged the interests of men. The experience of women has been one of loss of autonomy and an unending process of accommodation, negotiation, resistance and rejection*” (170). Magkasundo ang mayorya sa ganitong pangkat, patunay nito ang masaklaw na mobilisasyon ng GABRIELA at party-list nito, sampu ng mga kaalyado sa MIGRANTE, MALAYA, at iba pang organisasyon.

Dagdag na pagsusuri ang puna ni Amado Guerrero: “Ang lubhang nakararami sa kababaihang Pilipino...ay kabilang sa mga uring inaapi at pinagsasamantalahan. Ngunit bukod sa makauring pang-aapi ay inaapi rin sila ng kalalakihan.” Sa pakiwari ng mananaliksik, hindi tuwirang umaandar nang sabayan ang ideolohiya (diwa) at ekonomiya (gawaing makamundo). Nagkakabisa lamang ang produksiyong materyal ng pangangailangan, ang ekonomiyang politikal, sa mismong reproduksiyon ng buhay. Dapat bigyang diin ang dinamikong proseso ng reproduksiyon ng damdamin, hinagap, isip, at pagkatao sa loob at labas ng tahanan.

Magkatambal o magkalangkap ang produksiyon ng materyal na mga bagay na tumutugon sa ating pangangailangang mabuhay at reproduksiyon ng relasyong panlipunan. Diyalektikal ang interaksyon ng bawat bahagi ng panahon sa buhay, ng sangkap na potensiyal at aktuwal. Tinutukoy rito ang kontemporaneong kalakaran sa pagtatalik, panganganak, pag-alaga’t pagkalinga ng mga tao

sa kanilang praktikang maramdamin (*sensuous praxis*). Naturalistiko ang proseso ng produksiyon ng mga kailangang bagay at reproduksiyong seksuwal ng masiglang katawan/diwa ng mga indibidwal. Nangangahulugan na mas mabigat ang kasalukuyang ramdam/kabuhayan kaysa naglahong danas o kondisyong sasapitin.

Gabay sa Kuro-kurong Radikal

Ang naturol na proseso ay masasaksihan sa ayos ng pamilya at praktikang sambahayanan. Sa kuwadro ng nukleyar na pamilya—tanggap na superordinasyong institusyon sa lipunan—magaganap ang pag-inog ng mga kontradiksiyon kaagapay ng mga tradisyonal na prinsipyo tulad ng paggalang, pagbabahala, pananagutan, pagbabalikatan, pagbabayanihan, at pagmamalasakit (Jocano 7–8)—mga gawing antitesis sa negosyo at paghahanapbuhay sa kapitalistang merkado.

Muli nating igiit ang tagubilin na ang mga prinsipyong abstrakto ay walang saysay kung hindi isasakonteksto sa araw-araw na pamumuhay. Binibigyang kahulugan iyon depende sa dibisyong seksuwal ng trabaho kaakibat ng antas sa moda ng produksiyong umiiral, na tumitiyak sa relasyong pangkapangyarihan. Sangkot dito ang tugon sa mga tanong: sino ang higit na ultimong nagpapasiya? Kaninong kapakanan ang naisasakatuparan?

Ayon sa mga iskolar sa agham ng sosyolohiya, ang egalitarianismong ideyal na inspirasyon ng 1987 Family Code ay malayo pang matamo sanhi ng pagkakaroon ng “*double standard of morality accompanying the patriarchy brought into the country by the Spaniards...Whoever occupies the status of husband-father has absolute power over all family members because social norms ascribe the right, authority, privilege and obligation of the male to control behavior and to compel obedience to his wishes*” (Medina 146). Laganap pa rin ito hanggang ngayon; malasong sintomas ang walang-hiyang paglait ng mga lalaking kandidato kay bise-presidente Leni Robredo bilang babae na naipamalas sa telebisyon kamakailan.

Ikompara ang sitwasyon ng babae sa nobela. Bagama’t edukado at matalino si Amanda, wala siyang kita. Nakukulong siya sa tahanan. Limitado ang pakikisalamuha sa madla. Hindi lubusang pinahahalagahan ang kaniyang kontribusyon sa

maginhawang kabuhayan ng kaniyang pamilya. Ang ama, si Julian Sr., ang kumikita at tumustos sa mga pangangailangan ng buong pamilya. Sa gayon, siya ang may kapangyarihang magpasiya, halimbawa, kailan dapat umakyat si Amanda upang maghandog ng serbisyong seksuwal, pagbabawal sa hilig ng mga anak, pagsasauli kay Evelyn sa magulang, ang pakikiharap sa pulisya, at marami pang iba.

Mabuting sipatin ang espasyo ni Amanda bilang ina/asawa, ang tahanan na may doble-karang dimensiyon: pribado at publikong mukha. Angkop din sa akdang ito ang obserbasyon ni Rose Torres-Yu hinggil sa pagmanipula ng lugar sa mga katha ni Genoveva Edroza-Matute: “Sinagisag ng bahay ang pamilya, ang heograpiya ng kababaihan, ang larangan ng pagpapasiya ng babae, ang larangan ng kaganapan ng pagkatao bilang babae, na ginagamit na sukatang ‘pagkadakila’ o tagumpay ng isang babae” (*Alinagnag* 192). Subalit sa *Dekada ’70*, ang tahanan ni Amanda ay bukas sa impluwensiya ng dumaragsang puwersa ng mga institusyong kinasasangkutan ng mga anak at asawa. Kaya hindi ito naging laging saradong piitan o kulungan, ni hindi “*doll’s house*” sa teatro ni Henrik Ibsen. Utang ang pagbukas ng pribadong lugar ng tahanan sa krisis ng bansang pinalubha ng batas militar at pagkaduhagi sa IMF–World Bank at US imperyalismong kontrol.

Patnubay na Perspektibo

Sa “Paunang Salita,” isiniwalat na ni Bautista ang kaniyang layon: tutulan ang mapanupil na limitasyon ng babae sa kinagisnang mundo ng tahanan at kamag-anakan. Nais buhayin ng awtor ang karapatan at pagkakataon ng ina/asawa na makilala bilang independiyenteng diwa/tao. Matimyas na hangad ni Amanda na “tumuklas at maging kung ano man siya... Sinikap kong sabihin na sinuman ay hindi pag-aari ninuman. Ang babae’y nananatiling siya, kahit pa siya asawa na’t ina” (6). Udyok ng kaniyang kaluluwa ang malasap ang luwalhati ng makasariling determinasyon. Awtentikong kasarlan ang mithi ni Amanda.

Palaisipang masalimuot ang hamon ng nobela: paano matutuklasan ang “siya” at maintindihan ang implikasyon nito? Naipaliwanag ni Torres-Yu ang ideolohiya ng maternidad (hango sa saliksik ni Delia Aguilar), na doktrina rin ng patriyarka, aniya: “Ang ideolohiya ng patriyarka ang nagtakda sa espasyo ng babae na walang iba kundi ang tahanan, at dito sa lugar

na ito, ang kahulugan ng pagkababae ay magaganap lamang sa pamamagitan ng pagtupad sa panlipunang papel bilang isang ina. At ang kahulugan ng pagiging ina ay itinakda rin na lubos na pagpapasakit para sa anak” (335). Matagumpay na naisakatuparan ni Amanda ang nais na magkaroon ng makahulugang buhay “sa labas ng kanyang pamilya sa pamamagitan ng pakikiisa sa anti-diktaduryang kilusang lumalaganap sa panahong iyon” (342). Nangyari iyon sa mismong pagtatanggol sa karapatang pantao ng mga anak bilang mamamayan.

Tangka nating sipatin dito kung paano natamo ng pangunahing protagonista ang mithiing maging “pansamantalang ina ng mga sugatan pero matatayang na tao ng kanyang panahon” (Bautista 211). Testimonya ang pagtulong ni Julian kay Amanda sa pag-aalaga sa sugatang kaibigan ni Jules sa kilusan, si Rene, kasabay ng desisyon nilang dalawa na huwag nang tanggapin ang imbitasyon ni Isagani na lumipat sa US sapagkat ang laban na sasalihan nila ay nasa Pilipinas. Nakalulugod na eksena ito, lamang ay nalambungan ng mapanuksong utopyanismo ng bukal sa malikot na panagimpan.

Samantalahan nating pumatlang sa daloy ng dalumat ni Amanda: Pantay na ba sila sa tingin ng lipunan? Taglay na ba ng babae ang kapangyarihang maging “siya” tiwalag sa tahanan, sa asawa’t anak? Nasa sa ating pagmamasad at suri ng kaligirang ginagalawan ng babae ang kasagutan, hindi sa muni ni Amanda lamang o haka-haka ng *pater-de-familia*.

Pinakatampok sa dulang panonoorin ang tema ng eksploytasyon. Ang tambalang kategorya ng kasarian at uring panlipunan na nagtatakda ng espasyo ng lakas-pagpili o pagpapasiya ng sinomang kumikilos sa loob ng kasambahayan at sa publikong lugar. Makahulugang himayin ang komplikadong suliranin kung bakit at kung paano nawala ang kontrol ng kababaihan sa kanilang produktibong gawain sa pagbahagihan ng trabaho (Leacock; Haug). Kaugnay nito, paano lumaganap ang diyadikong relasyon na nakadepende ang kababaihan sa ama/panginoon sa loob ng pamilya, na naging saligan ng publiko/pribadong paghahati (Brown). Sa larang ng pamilya/tahanan mismo naitakda na ang hirarkiya ng kapangyarihan, na depende naman sa kasaganaan o kadahupan ng lipunan.

Sang-ayon sa proposisyong ang kasarian ay hindi kuwestiyon ng anatomiya o kalikasan, mabuting paglimiin ito bilang konstruksiyong sosyal. Ang di-pantay natrato sa kababaihan ay resulta ng lisyang kahatulang sosyal at kultural alinsunod sa

namamayaning moda ng produksiyong panlipunan. Bukod sa pagtakda ng pagbubuntis, panganganak at pagpasuso sa sanggol, na bumihag sa kababaihan, paano nabalewala ang gawaing domestiko, pati serbisyong seksuwal, na pinawalang halaga, ninakaw o sapilitang monopolyo ng kalalakihan? Sa pagitan ng ama at ina, ng magulang at mga anak, ng pamilya at Estado, anong puwersa ang dapat manghimasok upang ipataw ang unibersal na pamantayan ng hustisya, resiprokal na pakikitungo, at pagkakapantay-pantay ng mamamayan?

Balangkas ng Paninindigan

Ang tatsulok ng nobela ay naganap sa loob ng tahanan ng mag-asawang Bartolome, sa kapaligiran nito, at sa mga aparato ng burukrasyang dinalaw (hukuman, pulisya, kampo ng PC, eskuwela, atbp.). Ang pamilya/kasambahayang ekonomiya ay nagsilbing arena ng magkakasalungat na isip, hilig, gawi, balak, intuwisyon, at kagustuhan. Ang isinadulang pagtatagisan ng adhikain at dalumat ay binubuo ng kalalakihan/ama (Julian) at lalaking anak, ng ina (Amanda) at mga babaeng naging kabiyak (Evelyn, Mara), at kolektibong labas (aktibista, militar, biktima, atbp). Litaw ang oposisyon ng kababaihan laban sa kalabisang puwersa ng kalalakihan, partikular ang patriyarkong ama na wari’y sinasambang totem ng tribu, mga opisyal sa eskuwelahan at kampo militar, at gobyerno. Kapansin-pansin ang papel na ginampanan nina Willy, Domeng, Rene, Marcela, ina na Willy, atbp.

Pansinin sa buong salaysay na hindi humingi ng tulong ang pamilyang Bartolome sa mga kamag-anak, sa lolo o lola, tiyuhin, pinsan, at iba pang kadugo. Bakit? Lumalabas na matinkad ang pangungulila ng pamilya sa gitna ng gulo at ligalig ng panahon. Umusad na sila sa larang ng pamilyang nukleyar sa kalunsuran, ayon sa sosyolohiya. Hindi ba ito simbolo ng alyenasyon, maligutgot na *anomie*, laganap sa milyong neokolonyal na lalong pinangayupapa ng batas militar? Tatak din ito ng *uneven development* bunga ng kapitalistang modernisasyong pinamatnugutan ng US sa neokolonyang bayan mula 1899 hanggang kasukdulang antas ng “Cold War” ng nagdaang siglo.

Kagyat na inihimatong sa Kabanata 3 ang pagyanig ng estruktura ng “*man’s world*” ni Julian Bartolome Sr. Nagsimula ang interogasyon ni Amanda sa piyudal na mundong kinagisnan, sa sambahayang espasyo, “kung saan ang lalaki ang Diyos at ang babae’y tagasunod

lang niya at walang karapatang kumibo sa mga isyung may kinalaman sa negosyo't pulitika" (20). Ayon sa kinagawian, "*the man's responsibility in the home ends once his obligation of family support has been complied with*" (Hollnsteiner 36). Pinabulaanan ito dahil inangkin ni Julian ang paghatid kay Evelyn—tila pagsauli ng mga hayop na nahuli ng anak bilang mangangaso—at pagharap sa awtoridad ng pulisya hinggil sa kaso ni Isagani.

Samantala, si Amanda ang may responsabilidad sa kaginhawahan ng mga anak at asawa—kung tutuusin, ang reproduksiyon ng mismong buhay at domestikong kaayusan. Iyon ang nakatagong bukal ng *surplus-value*/tubo galing sa trabaho nila, kakabit ang konsumerismo ng buong pamilya. Ang nagtatakda sa gawaing bigyan ng ginhawa ang kasambahayan, na tungkulin ni Amanda, at ang amang nagbibigay-halaga sa kaniyang trabaho/salapi (tinaguriang "*dead labor*" o patay na gawa) at bulag sa gawaing reproduksiyon—masiglang trabaho—ng mga taong kasalukuyang nabubuhay. Ito ang susi sa inangking awtoridad ng kalalakihan at poder ng panginoong patriyarkal, ang konsensus ng peministang saliksik sa kanluran (Dunayevskaya; Hartmann).

Hilahil sa Kasambahayan

Tanggap ni Amanda na siya'y masunurin sa nakagawiang patakaran, palaasa sa sahod at pagtangkilik ng asawa. Si Julian naman ay walang kinalaman sa pag-aruga ng anak o makipagtulungan sa gawaing bahay. Subalit ramdam ni Amanda ang kawalang kasiyahan o kaganapan, at "walang mukhang magsabi ng naramdaman ko." Iniwasan din ng salaysay ang malaswang paglalarawan ng seksuwal na pagtatalik, o anumang kalibugang mapapagkamalang pornograpiya. Walang pagpapahalaga ang kalalakihan sa kontribusyon ng babae sa mga taong labas sa tahanan, sa pagmantina ng buong sistema ng kapitalistang tubo/*profit* at hirarkiya ng uring mayaman, mahirap, lumpen, atbp.

Hindi nagtagal, masasaksihan ang naputol na pagtitiis, nahubad na kahinaan, nang lumapag ang batas militar. At pagkatapos ng komprontasyon ng ama at anak, natanto ni Amanda na bahagi na rin si Jules ng "mas malawak at balisang lipunan, ng mga bagong tao ng ngayon na siyang magpapasiya ng bukas." Subalit hindi pa handa si Amanda, sinampal niya ang anak sa paghamak sa kaniyang pagkontra sa desisyon ni Jules na tumungo sa mapanganib na lugar sa Bikol. Nang

matuklasan ni Amanda na payag pala ang asawa sa desisyon ng anak, ang reaksiyon niya ay umasang lumapit kay Julian: "Bakit hindi kami mag-usap nang husto imbis na mag-iwanan?" (67). Habang umuungol at sumusuway, hilig na masunurin o maunawain ang mababakas sa tono ng salita at kilos ni Amanda.

Sintomas ito na sa krisis ng bansa, unti-unting nagugunaw ang kubli at pribadong espasyo ng tahanan. Sa mga susunod na tagpo sa talambuhay, mamamatyagan ang unti-unting pagkalusaw ng doktrina o sistema ng paniniwala, ang normatibong kodigo ng maternidad. Sa masinop na saliksik ni Delia Aguilar, natuklasan ang pinakakrusyal na batayan ng pang-aapi at pang-aalipin sa kababaihan. Ang tunay na saligan ng subordinasyon ng kababaihan ay nakakapit sa bisa ng "ideolohiyang maternal/*maternal ideology*," ang ideya at praktika na ang tanging halaga ng babae ay panganganak at pag-aalaga sa supling. Iyon ang "*key to women's acquiescence to cultural expectations of appropriate gender behaviour...The naturalization of motherhood...profoundly affects their conduct and molds their thinking about themselves and their performance as women and as mothers*" (129–30). Ugnayang panlipunan o relasyong sosyal, hindi absolutong dikta ng kalikasan o biolohiya, ang umuugit sa naghaharing sitwasyon ng kasarian, ng trato sa kababaihan ng kalalakihan, sa kasalukuang yugto ng kasaysayan.

Maternidad: Suri at Pagtimbang

Subaybayan natin ang sopistikadong analisis ng ideolohiya ng maternidad sa nobela. Kalauna'y mabubunyag na hindi "tunggalian ng mga kasarian," hindi pagtatalo ng makisig na lalaki versus mahinhing babae ang nakataya, kundi ang tinaguriang "konstruksiyong sosyal" ng seks o kasarian. Samakatwid, ang paksa ng "di-pantay na kasarian" (lantad ito sa maingat at mailaging asal at pagkiling ni Amanda) ay hindi usaping biyolohikal o anatomiya, kundi isyu ng alokasyon ng kapangyarihan sa loob at labas ng tahanan. Bagama't hindi binigyan ng ganitong artikulasyon sa nobela, iyan ang mahihinuhang problemang bumalisa't bumagabag kay Amanda.

Sumalisi ang dalawang episodyong nagbuklat sa malay ni Amanda. Una, ang pag-uwi ni Isagani ng buntis na kasintahan, si Evelyn noong Marso 1973. Ang paghuli ng binata sa dalaga na binansagang "*traffic of women*" (Rubin) sa diskursong feminista, ang naikintal

dito. Pagsapit ng Disyembre 1973, nakiramay si Amanda sa desisyon ni Evelyn, tatak ng pagtawid sa mataas na antas ng kamalayan tiwalag sa naturalesang batas. Matalisik ang obserbasyon ni Amanda: "...iba ang relasyong mag-ina sa relasyong mag-asawa...hindi sa isang paraan lang nakikitungo ang tao sa kapwa niya, dahil siguro iba-iba ang pangangailangan niya sa iba't ibang tao, tulad ding iba-iba ang inaasahan ng iba't ibang tao sa kanya" (38). Umigpaw na ang kamalayan ni Amanda sa kulungan ng tahanan/kamag-anakan tungo sa komplikado't mataas na ugnayang panlipunan.

Pangalawa, sa pakikiramay sa ina ni Willy, at pagtatanong sa sarili nang magulantang sa paninindigan ni Jules—"Panahon na para mamili ang tao. Alinman sa dito ka o doon" (53). Nagulumihan si Amanda sa bisa ng interbensiyon ng distansiyang kritikal na biglang sumulpot: "Nagulat siya [Julian] na nagsalita ako sa kanya nang gano'n....pagkat masuyo siya, hindi ugali ang mangulit" (55). Sa artikulasyon ng kaniyang saloobin, ipinakita ni Amanda ang lakas ng kaniyang masiglang kakayahang lumahok sa reproduksiyon ng buhay—ang kaniya mismong buhay, sampu ng udyok ipalawig ang kalusugan at ginhawa ng kasambahayan. Nagsimula na ang pagkilala sa kaniya bilang nagsasariling nilalang, isang taong may sariling dangal, bait at natatanging pagkatao.

Maligoy ang proseso ng pagbabanyuhay ng karakter ni Amanda. Bago bumalik si Jules sa Kabanata 10, nanganak na si Evelyn at nagpasiya na si Isagani na sumapi sa US Navy. Maituturing na ito ang sakripisyong alay ng pamilya sa imperyalismo. Nagpamalas din si Amanda ng kamangha-manghang kabatiran hinggil sa sosyalismo sa Tsina. Sa pagkakataong ito, malasin ang pagdiriwang ng papasok na taon kasama ni Bingo, ang bunsong anak, kasabay ng paglilirip ni Amanda: "Isang taon na naman ang nakalagpas sa buhay ko ang wala akong ginagawa. Oo, marami 'kong ginagawa...pero walang isa mang para sa akin" (81).

Nakaligtaan ni Amanda na ang reproduksiyon ng buhay, pati lakas-paggawa ni Julian, ay katungkulan niyang naganap taglay ang lugod ng tiwala sa kaniyang kapasidad. O baka naman pasingaw lang iyon, parikalang pasaring sa mga mambabasang may malasakit. Sa ano't anuman, nag-umpisa na ang paghihimagsik ni Amanda, sagisag ng mapagpalayang pakikipagsapalaran ng kababaihan.

Trajektorya ng Pagkakilanlan

Mula Kabanata 11 hanggang Kabanata 20, mahihinog ang makasariling pithaya't damdamin ni Amanda. Mamamagitan ang matapang at mapagkalingang atitudo ni Evelyn, na hihiwalay sa impluwensiya ng asawa at tuluyang titindig bilang inang walang kailangang patron. Bumaling din ang atensiyon ni Amanda kay Em, ang ikaapat na supling, na aktibista na sa panulat. Sa Kabanata 13, paniwala pa rin ni Amanda na bumalik na muli ang pamilya sa normal na "burgis at masuwerteng buhay" (99). Naghunos na ang anyo/porma ng pamilya dahil sa umpugan ng mga saloobin ng mga kasapi nitong apektado ng pambansang krisis.

Sa paglalagom, isang yugto sa edukasyon at pagbabagong-bihis ang pansamantalang lumutas sa pag-aalinlangan ni Amanda. Naunawaan na niya na hindi lamang nakatakda ang pagsulong ng buhay niya sa paglilingkod sa mga anak at asawa. Napagmuni niya na may sarili siyang personalidad na, bagama't mahigpit na kakawing sa tahanan, ay hiwalay: puwede siyang umakto bilang indibidwal na babae sa hikayat ng lumagong isip at pakiramdam. Maaari siyang maging kaibigan ni Evelyn, nina Em at Jules bilang taong hindi kadugo lamang. Maaari siyang tumindig mag-isa at magpahayag ng anumang nais niya, at magpasinaya ng komunikasyon sa madla.

Ang pagkilala ni Amanda sa pagsasarili ng mga anak, gayundin ng makasariling kaasalan/pag-uugali ni Evelyn, ay simula ng bagong ugnayan ng mga kasambahay at pangkatin sa labas. Kalakip nito ang obligasyong moral sa kolektibong pakikipagkapuwa, kaagapay ng kolektibong karapatan at katungkulan. Binaybay ni Maurice Godelier ang implikasyon nito: "*And it is through this system that material, impersonal necessity is realized: the necessity to cooperate for survival, to share common resources obtained from private effort, and to guarantee reciprocal access to these resources*" (84). Kamag-anakan, ugnayan ng mga hinlog, ang paraan ng pagmantina ng ordeng atrasado/piyudal na ang pangigingabaw ng kalalakihan ang sinusunod sa pangkalahatan. Malakas pa rin ang halaga ng dugo/angkan kaysa salapi/pag-aari sa pagbubuklod ng mga miyembro ng lipunang neokolonyal.

Inisniwalat dito ang birtud ng kamag-anakan bilang aparatong sumusuhay sa pagbuo ng pakikiisa. Ito ang matris ng ugaling mapagkalinga't paggibik ng mga kalipunan, na siya ring naglatag ng pundasyon

sa pag-unlad ng buong lipunan. Ito ang lohikang makatwiran na nasa isip ni Amanda nang hinuhulo niya ang katuparan ng kaniyang mithiing mapagtibay ang permanenteng galing at gana ng mga taong handang tumulong at maglingkod sa kapuwa: "... Nasisiyahan akong mag-ampon. Nasisiyahan akong maging pansamantalang Ina at yaya ng mga sugatan pero matapang na tao ng kasalukuyang panahon... Natutuklasan ko sa kanila na mayroon pa akong silbi, may magagawa pa at maiaambag sa mundong ito" (211). Sa dakong kasukdulanan ng nobela sa kabanata 21–31, mapupunan ang ilang kakulangan, puwang, at katahimikang patlang na sintomas ng ideolohiyang sinusuri: ang transpormasyon ng lumang kaisipan ng mayorya hinggil sa sitwasyon ng kababaihan at sa magulong suliranin ng kasarian.

Hermenutikang Mapagpalaya

Isalin natin sa diskursong konseptuwal ang karanasan ng isang ina/asawang hinubog ng konserbatibong tradisyon. Sa terminolohiya ni Marx, ang natuklasan ni Amanda ay kakayahan niyang maghimay sa dalawang aspekto ng trabaho: una, ang alyenadong gawain niya sa paglilingkod sa pamilya/asawa na yumayari ng tubo/"*exchange-value*"; at pangalawa, ang "*self-activity*" na lumilikha ng gamit-halaga, "*use-values*." Ang gamit-halaga ay mga elementong nakalulugod o nakaliligaya sa trabahong nagpapaunlad sa sariling karakter o personalidad. Sa pinong diskriminasyon, magkaiba ngunit magkaagapay ang dalawa. Diyalektikal ang relasyon ng produksiyong materyal at reproduksiyong sosyal na naipahayag na sa naunang mga talata.

Suriin nating mabuti ang bagay na ito. Gawaing pagkalap ng pagkain at iba pang pangangailangan ay isang aktibidad na dumaraan sa paglikha ng katawan/diwang nagtatamasa ng ginhawa at aliw na pangkasalukuyan. Gamit-halaga (*use-value*) muna ang atupagin bago halagang-palitan (*exchange-value*) na nakalaan sa transaksyong darating. Samakatwid, buhay muna bago salapi/puhunan. Sa ibang salita, ina muna bago ama ang dapat dulugin.

Nilinaw ni Frigga Haug ang dalawang magkasalikop na katangian ng trabaho: "*In work's alienated form Marx found the free expression and enjoyment of life, the free, spontaneous activity of the human community, the opportunity to know oneself affirmed in the thought and love of another; the development of each individual*

into a whole person, the intercourse of individuals as such; and free, conscious life activity as species-life" (85). Ang resulta ng pagtatanong at pagsasatinig ni Amanda ay mahihinuhang pagkamulat niya, indikasyon na kalahok siya sa dinamikong pagyabong at pamumulaklak ng "*species-life*" na kinatawan ng isang partikular na ina/babae.

Malayang aktibidad ng sarili, mapanlikhang performans—naisaad ito ni Amanda sa kaniyang peministang manipesto sa Kabanata 2: "Pero ang babae...ay may uri ng kalayaang hindi mananakaw ng kahit sino: ang kalayaan niyang mag-isip" (21). Ang birtud ng isipan ay naipamalas sa pagkabalisa, pag-uusisa, pakikialam. Ang patunay rito ay maigting na naikintal sa mga okasyong nabanggit: ang pakikitungo niya kina Evelyn, Willy, Rene, Mara, atbp; sa pag-ulat ng sakunang nangyari kina Jules at Jason; ang danas niya ng ligaya at dalamhati, takot at tuwa, sa ambisyong magtrabaho; sa kulturang pagdiriwang ng mga anak sa demonstrasyon (26–28); sa pista ng kaarawan ni Bingo (122–26), sa maingay na pagbati sa Bagong Taong 1975 (81–82). Ilan lang halimbawa ito ng mga pagkakataong nagbabago ang pagkatao ni Amanda sa paglubog niya sa komplikadong pagtatagisan ng iba't ibang sektor sa lipunan.

Mabilis ang pagsulong at pag-unlad ng kaalaman ni Amanda sa mga usaping panlipunan, tunggalian ng mga uri, at debate sa kasarian. Natuto siya sa makabayang aktibidad ni Jules, sa inisyatiba ni Gani—kapuwa sumuong na sa malawak at mayamang "unibersidad sa piling ng mga tao." Sa Kabanata 11, sumunod siya sa utos ni Julian na "umakyat" para magdulot ng serbisyong seksuwal (85–87), nag-atubili't nag-ulik-ulik, sinundan ng repklesiyon tungkol sa My Lai massacre at giyera sa Vietnam. Anong galing at himala ng kamalayang nagising!

Hanggang sa Kabanata 13, naunawaan na ni Amanda ang desisyon ni Evelyn na huwag sumama sa asawa papuntang US—sagisag ng apirmasyon ng sariling kapakanan na dapat unang asikasuhin. Subalit sa ika-17 Kabanata, patuloy ang dalawang-loob ni Amanda at pagdududa: "Hindi ko maintindihan ang pakikisangkot din ng mga batang gaya ni Jules, kung kanino nakahanda ang mga magaganda't mabubuting kinabukasan." Sintomas ng pasumalang kondisyon ng mga kasapi sa gitnang-saray ang pag-aalinlangang binubuno ni Amanda.

Angkop naman ang balisa ng babaeng bayani ng nobela na hindi pa tinatablan ng mabagsik na hagupit

ng pasistang rehimen. Sumulpot ang sugatang Rene, kasamahan ni Jules tulad ni Willy. Nagsilbing guro si Rene tungkol sa pangkalahatang kalagayan ng mga manggagawa sa buong bansa: sa minahan, asyenda sa Negros, atbp.

Patuloy ang akumulasyon ng datos at impormasyon sa utak ni Amanda. Sumunod ang pagdating ng bagong sorpresa ni Jules, ang buntis na babaeng Mara (136–7). Muli, gumitaw ang hibong mapagpalaya sa dibdib ni Amanda: “Matalino siya at matatag tumingin at sigurado sa kanyang sarili, si Mara. At sa loob ng sarili ko, nawi-wish ko na sana’y gaya niya ako” (143). O gaya ko siya? Sinadya ba ang ambigwidad o kambal-kahulugan sa siniping pangungusap? At ano ang konsekuwensiya nito?

Autopsiya ng Corpus Delicti

Ang makahulugang antas ng metamorposis ng pagkatao ng ina ay daraan pa sa landas ng dalawang pagsubok. Bago pawiin ang paghahati ng pribado/publikong espasyo, na basehan ng pagkulong sa kababaihan sa kasambahay na trabaho, sinikap ipadama ng nagsasalaysay ang madaling pagbuwag sa paghahating iyon. Pinasok ng PC, ahensiyang mapamuwersa, ang tahanan nina Julian at Amanda. Pinatunayan na sa batas militar, walang santuwaryo ang tusong panggitnang-saray. Walang pasubali, nilalambungan din sila ng oligarkiya-imperyalismong kapangyarihan, pareho na sila ng uring proletaryong laging binubusabos ng pasistang Estado.

Ibinungad muna sa narasyon ang sinopsis ng neokolonya sa Kabanata 21. Lumalago at lumalawak ang oposisyon sa diktadurya. Nailunsad ang partidong LABAN noong 8 Abril 1978, senyas ng nalalapit na kalamidad ng rehimeng US–Marcos. Sa sumunod na kabanata, sapilitang hinalungkat ng mga sundalo ng PC ang tahanan ng mga Bustamante. Isang demonstrasyon ito kay Amanda na hindi mababakuran ang pribadong espasyo sa pakikialam ng publikong poder. Sa pagmalas ni Amanda sa tinortyur na katawan ni Jules, at sa matapang na deklarasyon ng binata na hindi siya nagsalita kahit binantaan siyang papatayin nila si Mara, asawa niya, naipahayag ni Amanda ang lantay na maternidad na sumasagka sa simbuyong pang-unibersal:

...Niyakap ko siya nang mahigpit, kung maaari lang na ibaon ko siya sa dibdib ko. Siya na

mataas pa nga sa akin, pero kailan lang ay isang sanggol na kalong ko at ipinaghehele. Higit kailanman ay ngayon ko nadarama ang mga trahedyang maging ina. Hindi pala natatapos ang hirap at kirot sa pagsisilang ng anak, may mga sakit na libong ulit na mas masakit kaysa mga oras ng panganganak.

Bakit gano’n, hindi mo maangkin ang mga dinaramdam ng anak mo. Bakit gan’on, wala kang magawa kundi iyakan ang mga pagdurusa niya! (158)

Mahihinuha na tila hindi pa naaawat sa suso ang mga anak, nakatali pa rin sa pusod ng ina, o naglalakbay ang uterus upang maiuwi ang sanggol na lumabas, ayon kay Hippocrates (Taylor 59). Nadugtungan ito ng haka-haka na “Sabi ng iba, sa karahasan daw sinasanay ang lalaki” (160), upang matanggap ng ina ang pagpapahirap kay Jules. Pero mas masakit sa kalooban ng ina ang bigwas ng simbolikong dahas kaysa pinsalang pisikal ng Estado.

Palaisipan ng Kontradiksiyon

Sa yugtong ito ng narasyon, maipapalagay na bumitiw na sa puwesto ang poon ng angkan. Humina’t nanlupaypay ang awtoridad ng ama, ang katwiran ng magulang. Sa ganitong sitwasyon, napalis din ang kontrol niya kay Amanda na ugat ng kaniyang pamumuno ng kasambahayanan. Naipaliwanag ni Godelier ang lohika ng nangyari sa ganitong argumento. Unawain natin na ang lehitimasyon ng patriyarkong paghahari ay kalakip sa simbolikong pangitain at institusyong nangangasiwa sa pertilidad o pagka-mabunga ng asawa. Ang kapangyarihan ng ama/patriyarkong pamunuan ay nagbubuhay sa kontrol nila sa kababaihan bilang “*reproducers of the life that maintains the group*” (Godelier 84–85), lalo na ang buhay at masiglang lakas-paggawa, na mas makabuluhan kaysa patay/abstraktong produkto (komoditi, salapi, puhunan, tubong sinamsam sa di-binayarang trabaho ng mga walang pag-aari bukod sa kanilang lakas-paggawa).

Ang tao’y humahanap o yumayari ng mga produktong kailangan niya. Kaalinsabay nito, nalilikha rin ang mga miyembro ng komunidad at binubuhay nito ang mga nilalang na aktibong kasapi sa kontemporaryong lipunan. Ang proseso ng paglikha ng mga tauhan sa lipunan ay pangunahing papel na ginaganap ng kababaihan sa kontemporaryong

panahon. Ang masiglang lakas ng kababaihan na kasanib ng kamag-anakan/hinlog, ang pormang sosyal ng reproduksiyon ng buhay, ay siya ring umaandar bilang relasyon ng produksiyon.

Ibig sabihin, ang ina bilang tagapundar at bukal ng buhay, ay siyang makatuturang sangkap ng relasyong sosyal na hawak ng kalalakihan bilang ama/patriyarkong panginoon. Habang yumayari ng kalakal na umaani ng sahod o bayad (exchange-value), lumilikha rin ito ng ugnayang sosyal (halagang-gamit; use-value) na kagyat kinakasangkapan sa araw-araw na pamumuhay. Samakatwid, ang debate tungkol sa bayad sa trabahong domestiko ay wala nang saysay sapagkat ang gawain ng ina ay siyang sariling kabayaran. Sa ultimong paghusga, ang gawain ng ina/kababaihan ay siyang mabisang lakas na nagsusustento sa masiglang pamumuhay at kaayusan ng buong komunidad.

Sa tanglaw ng materyalismong historikal, masasabi na ang liberasyon ng kababaihan (ng mga ina tulad ni Amanda) ay direktang matatagpuan sa kanila mismong pagtupad sa gawaing pang-araw-araw. Iyon ay nasa mga hakbang na pagtanggap sa pagsupil at pagpigil ng kanilang sigla sa pagpapatuloy ng mapanlikhang lakas-paggawa. Iyon ay pumipiglas sa simbuyong sumali sa iba't ibang aktibidad sa loob at labas ng tahanan. Nakahulagpos si Amanda sa dahilang tinawid niya ang iba't ibang larang ng gawain, binuwag niya ang bakod na humihiwalay sa pribado at publikong espera ng buhay sa pagganap niya ng papel bilang kasapi ng sosyedad sibil at nilalang na nasa ilalim ng batas ng kalikasan. Kinilala si Amanda na isang mamamayang taglay ang sariling dignidad, at taglay rin ang kasaralang makatwiran, mapagmalasakit, makatao.

Ang panghihimasok ni Amanda sa aktibidad ng mga anak, ng mga babaeng kinailangan nila, ay proseso ng pagkawala sa pamamahala ng kalalakihan (ni Julian, ng Estado), kahit pagsunod lang ito sa nakahiratiang asal o gawi. Patibay pa nito ang apirmasyon ng ngangayunin, ang pagdiriwang ng kontemporaryong kalakaran, sa halip na sumunod sa luma at matandang ugali o nakasanayang praktika. Bawat aksiyon at reaksiyon ni Amanda ay patunay sa kaniyang pagkakamit ng kasarinnan at pagkakilanlan, alinsunod sa lente ng perspektibong radikal na sinubok dito.

Disenyo ng Pagkalas

Nasubukan ang tigas at tatag ng bagong personalidad

ni Amanda sa Kabanata 25. Sinira niya ang bakod ng library na pumipigil sa pagsasali niya sa mga kaabalahan sa kapaligiran. Nasagap niya ang balita tungkol sa pagkamatay ni Jason sa pagkauling sa pag-uusap nina Emmanuel at Julian. Wangis ibang tao ang sumingit na binayo ng sindak sa balitang pinatay si Jason: “May tumili ng mahaba’t nakakakilabot na tili mula kung saan. Umikot, babagsak sa ‘kin ang mundo...Pagkakagulo. Tumatakas na mga mukha. Nangapit ako, nag-apuhap. Hawakan n’yo ko! H’wag n’yo ‘kong bitiw! Nahuhulog ako! Dilim. Walang katapusang dilim” (171).

Interbensiyong napapanahon ang sumaksi sa transisyon ng karakter ni Amanda. Sa pagpanaw ng dating malay, bumangon ang bagong pagtingin at pagkilates sa mundo—hindi lamang okasyong sikolohikal kundi anomalyang pangkasaysayan. Naputol ang *montage* ng eksenang pinatnubayan ng kodigo ng maternidad. Sumalisi ang pananaw ng babaeng mapanuri, inudyukan ng krisis ng buong bansa, pinukaw at binulabog sa kanlungan ng tahanan. Hindi na mamamalaging masunurin, magiliw, mapagpaubaya—isang rebelde na si Amanda, kasapi sa masang umaalsa, handa sa anumang hamong darating.

Biglang gumuho ang mundo ni Amanda sa pagpanaw ni Jason. Iniligtas siya ng awtor sa dagling pagsusog ng komentaryo tungkol sa *salvaging* ng mga pinaghihinalang *drug addict*. Hindi nalugmok sa trahedya kundi nakaahon sa tulong ng persona ng tagapagsalaysay. Pahiwatig ito na taglay ng awtor ang propetikong birtud na makinita ang hinaharap ng maralitang mayorya sa panahon ni Duterte—binansagang “Reincarnation of Marcos and the Reinvention of Martial Law” (IBON).

Ininampa ang sakdal sa diktadurya sa bahaging ito. Sa desperadong hakbang ng gobyerno na sugpuin ang iba't ibang uri ng krimen, naging mapanuri na ang sensibilidad ni Amanda: “Hindi nila naisip na habang nagpapatuloy ang kalagayan ng bayan natin, patuloy tayong mag-aanak ng mga kriminal” (171). Inilista ang pinsala sa katawan ni Jason mula sa awtopsiya, mga detalyeng paglapastangan sa biktima. Tigib ng simbolikong mensahe ang pag-ulit ng insidente sa obserbasyon ni Amanda: “Kinaladkad nila nang padapa si Jason ko. Malagim at malupit ang ginawa nilang pagpatay kay Jason ko. Hindi ako makapaniwalang gano’n nga ang inabot ni Jason” (172). Sukat nang makilabot tayo sa litanya ng paghihirap, hindi pa sapat iyon; uungkat pa ng ina ang detalye tulad ng

“laslas pati hita’t tuhod, basag pati bayag.” Nakataya ang dangal at dignidad ng buong sambayanan sa pariralang iyon.

Pag-igpaw sa Hangganan

Hindi kataka-taka ang hinagpis ng ina, ang pagkahimatay sa balita ng pagpanaw ng isang bahagi ng kaniyang katawan at diwa. Ngunit ang importanteng papel na ginanap ng pangyayaring ito ay masisinag sa impak nito kay Julian, na bukambibig ang islogan: “*It’s a man’s world.*” Mali, binulaanan na itong palasak na islogan.

Masasabi ring hindi na rin tama ang palagay ni Amanda na dapat huwag magpakita ng emosyon ang lalaki, ng hikbi o luha tulad ng namulas sa bibig ni Julian—katibayan na sa pagkakataong ito, sa pagnilay sa sawing kapalaran ng anak, nagkaroon ng komunikasyong patas ang babae at lalaki—Ay, naku—sa paraan ng pagmumura. Pag-ukulan natin ng kaunting panahon ito (hinggil sa katwiran ng magaspang na mura, tingnan ang panayam kay Bautista ni Sicut Cleto). Kakatwang ironya rito ang idyomang ginamit: isinasakdal pa rin ang mga ina, di umano’y may mga ina ang mga salarin na pumatay sa anak na dapat managot. Isang nakaririmarim na sumpang bukambibig na sa buong bansa.

“Hindi mo lang alam,” nakakaawa ang timbre ng boses niya, nakakaawa ang pagkakabuhol-buhol ng hininga niya.”Gustong-gusto ko ring maiganti ang anak ko. Putang ina nila, pinatay nila ang anak ko! Putang’na nila. ‘Manda, putang ‘na nila! Bakit nila pinatay ang anak ko! Hindi na, hindi na siya isang magilas at mayabang na lalaki. Siya’y ama. (174)

Pakiwari ba ni Amanda na pantay na sila? Biglang naglaho ang gilad ng iginagalang na panginoon ng angkan. Ama na lang si Julian. Kung ama, katumbas na ng ina? Malabo ang eksenang ito sa pagtimbang natin. Humihingi ng hustisya si Julian, ang dating matuwaing taliba ng “Man’s World.” Sa kostumbreng katutubo, pagbalik sa sitwasyong orihinal ng pamilya ng komunidad—tinaguriang “paghinayang” (Mercado 142)—ang hinagap. Sa kasalukuyang hurisprudensiya, paglilitis at pagpataw ng karampatang parusa sa lumabag ng batas ang dapat masunod. Problema na ito ng buong lipunan at lahat ng mga institusyong inatasan;

hindi lamang ng makitid na interes ng pamilya, hinlog o partikular na pulutong ang nakataya.

Totoo, hindi napigil ng burgis-patriyarkong hepe ng kasambahayan ang pagturing sa kaniyang anak na isa lamang sa “unsolved cases sa mga pulisyang Maynila” (276). Kapareho raw iyon sa mga kaso ng dukhang anakpawis, mga bagamundo mula sa dukhang pamilyang walang trabaho, umaasa lamang sa ambag ng gobyerno’t simbahan. Sa pagdagsa ng mga krimeng bumabalot sa lungsod, hindi na iginagalang ang hirarkiya ng uring panlipunan—mayaman o mahirap, magbubukid o manggagawa sa lungsod. Lantad at vulnerable ang lahat sa dahas ng dispensasyong balakyot, lalo na sa panahon ng diktadurya at pangingibabaw ng dahas, kontra sa katwiran at makatarungang pagsasamahan.

Umandar ang motor ng kasaysayan lingid sa malay ng mga nasasangkot. Ang pag-aresto at pagpapahirap kay Jules, at pagpaslang ng walang rason kay Jason, ay karumal-dumal at tampalasang insidente. Iyon ang dalawang pangyayaring nakabuwal sa pribado at payapang kasambahayan nina Julian at Amanda Bustamante. Lumilitaw na hindi ligtas ang kanilang silungan/kanlungan sa panghihimasok ng alienadong puwersa ng Estado. Binuksan nito ang lagusan sa pagtakas ni Amanda sa kulungan ng patriyarkong dominasyon upang sunggaban ang pagkakataong sanayin ang kaniyang iwing birtud at katutubong kakayahan sa paghubog ng kaniyang sariling katauhan.

Pasumalang Repleksiyon

Nagpisan na ang mga bagay na sinasadya at bagay na di-kinukusa. Kung tutuusin, ang kaganapan ng hangaring makapagsarili ni Amanda ay nagkaroon ng oportunidad sa pakikiramay niya sa ina ni Willy at sa pagyapos sa mga kasama ni Jules (Willy, Rene, Mara). Higit na naisakatuparan ang pagkawala niya sa subordinasyon sa asawa sa pakikitungo at pagsanib sa proyekto ni Evelyn. Masasalat iyon sa Kabanata 26. Pero ipinunla na iyong engkuwentro nila noong pang pagtelepono ni Evelyn kay Amanda sa Kabanata 14, babala ng napipintong transpormasyon.

Umusbong ang pagpupunyagi tungo sa kapatirang makababae, peministang pagsasanib ng enerhiya, suyo at panaginip. Damahin ang galing ng pagsalikop ng mga damdamin ng dalawang inang nagtulay pagkatapos lumisan ang anak/asawa, si Isagani, at iniwan ang kabiyak, si Evelyn, at anak na si Anna Lissa:

Sa umpisa’y naasiwa ako sa hawak ng kamay niya. Nadiskubre ko na hindi ako sanay sa dantay ng kamay ng kapwa ko babae. Siguro walang babae sa buhay ko [maski Nanay?] Siguro, dahil minamasama nila pag magkahawak ng kamay ang dalawang babae, o pag magkahawak ng kamay ang dalawang lalaki. Kung sinong nila ay hindi ko alam [retorikal na tanong].

Pero napaiyak ako sa suyo ng tinig ni Evelyn, sa *concern* ni Evelyn, at naawa siyang lalo sa ‘kin at niyakap niya ‘ko at umiyak ako sa balikat niya. Umiiyak ako’t umiiyak siya at hindi na kami nag-uusap pero meron kaming ugnay. Dalawa kaming babae, at parehong ina. (178)

Makatas sa matalinghagang pahiwatig ang engkuwentro ng dalawang babae. Bagama’t nakasilid pa rin sa padron ng maternidad, ang komunikasyon ng sentimyento at pagkagiliw ay lihis na sa relasyon ng ina at manugang—hindi na sila kadugo lamang. Nasabit na ang relasyong kamag-anakan (*kinship*) sa relasyong mapang-uri (*class*), sa larang ng palitan ng kalakal/salapi, kasingkaw ang kapitalistang mundo ng negosyo nina Julian at kalalakihan.

Nasalamin muli iyon sa relasyon nina Amanda, Mara at anak (Rev). Ang kanilang makataong transaksyon, o tratong kapatiran, ay uniberalisasyon ng katayuan ng babaeng kapuwa napinsala (hinggil sa kapatirang pambabae, ang babae bilang sugo at sagradong tagatanod ng kabanalan, sangguniin si Hegel (272–77). Sa bugso ng enerhiyang pinagsanib, nabuo muli ang kolektibong diwa o espiritu—ang solidaridad ng kapatirang makababae—at tuloy naisauli ang potensiyalidad na mamuhay muli sa isang kasunduan o kontrata ng pagsasamahan, pagtutulungan, damayan. Hindi ito pagbalik sa mito ng matriyarka at mahiwagang babaylan sapagkat natistis nito ang anatomiya ng patriyarkang orden at naisampa ito sa bagong antas ng pagkilala sa halaga ng bawat isa bilang taong nag-iisip, nagdaramdam, nagdurusa, lumilikha, natutuwa, nagpapasiya.

Medyasyon sa diyalektikang padron ang susi sa pagkamit ng sintesis. Gumaganap na tagapamagitan sina Evelyn, Mara, at ina ni Willy sa pagluwal ng performatibang ahensiya ni Amanda. Ito ang saligan ng negasyon ng neokolonyang merkado na nagtrato kina Jason at Willy bilang obheto/komoditi sa serye ng mga bagay na maibabasura kapag walang tubo o kitang mapipiga roon. Ito ang espasyo ng diktadurya

at monopoly-kapitalismong kalakaran ng imperyo sa ating planeta.

Kaligtasang Pampalubag-loob?

Maipapanukala sa pagbalik-tanaw ng naisaad sa itaas ang kuro-kurong ito. Representasyon si Amanda ng sumisilang-lumalagong suheto/ahensiya na nanlupaypay sa ilalim ng diktadurya at patriyarkong ordeng humalili. Sa bisa ng mobilisasyon ng mga anak, una si Jules at pagkatapos sina Em at Bingo, umakyat na si Amanda bilang *actant*/protagonista na karapat-dapat na sa layuning ampunin sina Marela at iba pang naulila. Ang balak ay maituturing na apirmasyon ng mapagbuong identidad ng kababaihan. Iyon ang tinaguriang “*living labor*” ni Marx, na salungat sa “*dead alienated labor*” o komoditi-fetisismo, at simbuyong papawi sa pagsamba sa pribadong pag-aari at kapital, halagang surplus na inagaw sa proletaryado. Kung magkagayon, mababawi ng kababaihan ang karapatan at kalayaang ipinagkait sa kanila ng paghahari ng mapang-aliping salapi/kapital/tubo.

Kapalit ng sakripisyo ni Jason, at pagsuko ni Isagani sa magayumang ilusyon ng Amerika, matatasa natin sina Em at Bingo bilang masugid na tagapagpatuloy ng mga naumpisahan nina Jules, Willy, Rene, Mara, at iba pang kasama. Huwag nating kaligtaan ang masa, libo-libong ordinaryong mamamayan, na nagpumiglas mula sa tanikalang gumagapos din sa mga pamilya at kamag-anakan. Huwag nating kalimutan sina Lilia Hilao, Luisa Posa Dominado, Karen Empeno, Shirley Cadapan, mga *desaparesidos* at bilanggong politikal, at marami pang babaeng biktima ng maskulinistang sistemang mapagsamantala (San Juan, “U.S. Imperial Humanitarian Blessing”).

Sa huling pahina, binanggit ni Amanda ang pagdalo nila sa isang rali sa Araneta Coliseum sa Araw ng Kalayaan. Manipestasyon iyon ng kolektibong programa ng kilusan, ng Nagkakaisang Hanay (United Front), sa pagkakamit ng hustisya, pambansang demokrasya, at tunay na kasarinlan. Katulong na rito sina Amanda at Julian, na ipinalapit ng tadhana, ng pagdanas sa pagpapahirap kay Jules at pagpaslang kay Jason. Si Evelyn ang representasyon ng mga ahensiyang magtutulak sa pansamantalang sintesis ng mga kontradiksiyon. Ang buntot ng kasukdulanan ng nobela ay hindi rekonsilyasyon ng nag-uumpugang puwersa, kundi pag-inog ng prosesong diyalektikal: pagbistay sa masaganang salik ng karanasan ng mga

tauhan, paggamit sa mabuting sangkap at pagtaas nito sa bagong lebel ng ugnayan. Iyon ang isinakontekstong balangkas ng sapin-saping tema ng *Dekada '70*.

Ang diyalektika ng mga konseptong umuugit sa mga tauhan sa nobela ay maibubuod sa isang pormularyo bilang instrumento sa pag-aaral at pagsubok sa ipotesis. Hindi ito katumbas ng naratibo kundi sipat at suri sa estrukturang umaalalay sa mga pangyayaring iniulat. Abstrakto ang iskemang nasa ibaba na espekulatibong *organon* sa pagkilates at pagpapahalaga sa akda ni Bautista. Ang samotsaring paksain ng nobela, sampu ng komplikadong sayaw ng mga susing tema at *leitmotif* nito, kapiling ang mga nagtatagisang pananaw/ideolohiya, ay mailalagom sa pagkakabit ng mga konsepto sa semyotikang diyagramang narito:

Sa iskemang inihain dito, pansinin na si Evelyn ay itinampok bilang tampulang medyasyon o tagapamagitan. Maituturing siya na actant/ahensiya na sumasagisag sa pag-inog ng mga posisyon ng mga tauhan, kaya dapat bigyan ng masinsinang imbestigasyon. Ang puwesto niya ay tulay mula sa negasyon ng diktadurya at ng alyenadong gawain at komodipikasyon, kakawing sa nabunsod na metamorposis ng karakter ni Amanda.

Dating ng Bukang-liwayway

Mula rito, dapat nating iguhit ang landas ng mga mulat na kababaihan patungong mobilisasyon ng masa at transpormasyon ng bansa sa isang masagana't makatarungang antas ng kabihasan. Sina Marela,

Mara, at mga supling (Rev, Anna Lissa, Bingo) ang simbolo ng katubusang hinahangad nina Amanda at Jules. Naghihimatong din sila ng paglutas sa “Woman Question” sa kanluraning diskurso, kaalinsabay sa pagbuwag ng trabahong alyenado, batayan ng sistemang unti-unting binabaklas ng kababaihan at kaalyadong kasapi sa Nagkakaisang Hanay ng partidong mapagpalaya.

Sa epilogo ng teleplay na “Babaeng Babae” ni Bautista, matatagpuan ang sukatan ng proyektong itinaguyod ni Amanda: Pagkapantay-pantay. Nasimulan ito sa mga kuwento sa *Buwan, Buwan, Hulugan Mo Ako ng Sundang* at nagpatuloy sa mga nobelang *'Gapo, Bata, Bata... Pa'no Ka Ginawa, Bulaklak sa City Jail, at Desaparesidos*. Ibinuod ito sa mga panawagang itakwil na ang mistipikasyon ng kasarian sa burgesyang lipunan. Sa tinig ng punong-abala, nagtagumpay ang punyaging kilalanin ang singularidad ng kaniyang pagkatao sa kolektibong biyaya ng pagkababae:

“Ang tinig ng babae’y hindi na mahina lang at hintakot. Ang mundo niya’y hindi lang ang loob ng kaniyang tahanan. Dahil ang kaniyang tahanan ay isang lugar lang, isang silid lang, sa kaniyang malawak, masalimuot, at tunay na mundo. Kung saan ang tao’y hangad niyang magkaroon ng pantay-pantay na karapatan, katarungan, at kalayaan.”

Matining at matatag ang paninindigan ng manunulat. Sa wakas, malalaspang ng lahat, lampas sa bakuran ng kasarian at uring panlipunan, ang ligaya ng kaganapan ng kababaihan bilang patnugot sa kasaysayang hinulma't hinubog sa puso at utak ng sangkatauhan.




Fig. 1. Semyotikang Mapa ng Kategoryang Batayan ng Diyalektika sa Salaysay ng *Dekada '70* ni Lualhati Bautista.

Sanggunian

- Aguilar, Delia. *Toward a Nationalist Feminism*. Giraffe Books, 1998.
- Bautista, Lualhati. *Dekada '70*. Carmelo & Bauermann, 1988.
- . *Babaeng-Babae*. Online. <<https://www.scribd.com/doc/46038792/babaengBabae-Lualhati-Bautista>> Accessed April 1, 2021.
- . "From Rocking the Cradle to Rocking the Boat." *SARILAYA*, ed. Mananzan, Sr. Mary John, Ma. Asuncion Azcuna, at Fe Mangahas. St. Scholastica's College, 1989.
- . *Hinugot sa Tadyang*. Dekada Publishing, 2016.
- . *Sonata*. Dekada Publishing, 2017.
- Bonner, Raymond. *Waltzing with a Dictator*. Ken Incorporate, 1987.
- Brown, Heather. *Marx on Gender and the Family: A Critical Study*. Haymarket, 2013.
- Dunayevskaya, Raya. *Rosa Luxemburg, Women's Liberation, and Marx's Philosophy of Revolution*. University of Illinois Press, 1991.
- Eviota, Elizabeth. *The Political Economy of Gender*. Zed Books, 1992.
- Figes, Eva. *Patriarchal Attitudes*. Fawcett Publications, 1970.
- Flores, Mikhail. "Duterte Finally Orders Burial of Ferdinand Marcos." *Nikkei Asia*, 8 August 2016, <https://asia.nikkei.com/Politics/Duterte-finally-orders-burial-Marcos>.
- Godelier, Maurice. "The Origins of Male Domination." *New Left Review*, tomo 127, May–June 1981, mp. 35–87.
- Guerrero, Amado. *Lipunan at Rebolusyong Pilipino*. Lathalang Pulang Tala, 1971.
- Guerrero, Leon Maria. *Today Began Yesterday*. National Media Production Center, 1875.
- Hartmann, Heidi. "The Unhappy Marriage of Marxism and Feminism: Toward a More Progressive Union." *The Second Wave*, ed. Linda Nicholson. Routledge, 1997.
- Hartsock, Nancy. *Money, Sex and Power: Toward a Feminist Historical Materialism*. Longman, 1983.
- Haug, Frigga. "The Marx within Feminism." *Marxism and Feminism*, ed. Shahrzad Mojab. Zed Press, 2015.
- Hegel, G.W.F. *Phenomenology of Spirit*. Salin ni A.V. Miller. Oxford University Press, 1977.
- Hernando, Pauline Mari. *Lorena: Isang Tulambuhay*. University of the Philippines Press, 2018.
- Hollnsteiner, Mary R. "Tagalog Social Organization." *Brown Heritage*, ed. Antonio Manuud. Ateneo University Press, 1967.
- IBON. *Repression and Impunity*. Ibon International, 2019.
- Jameson, Fredrick. *The Jameson Reader*, ed. Hardt, Michael at Kathi Weeks. Blackwell, 2000.
- Javate De-Dios, Aurora, et al., mga ed. *Dictatorship and Revolution: Roots of People's Power*. Conspectus Foundation, 1988.
- Jocano, F. Landa. "The Filipino Family." *The Filipino Family*, ed. Aurora Perez. UP Office of Research Coordination, 1995.
- Leacock, Eleanor. "Interpreting the Origins of Gender Inequality: Conceptual and Historical Problems." *Dialectical Anthropology*, February 1983, mp. 263–284.
- Lefebvre, Priscilla. "A State of Terror: The Death of Human Rights in the Philippines." *The Bulletin*, April 28, 2010, mp. 1–7.
- Libed, Bibeth-Pamelac. *Dekada '70 and Activist Mothers*. San Diego State University, California, US, MA Thesis, Women's Studies.
- Magpoc, Mika. "Dekada 70: Analysis." Online, 2021, www://dekadasitenta.wordpress.com. Accessed Enero 8, 2022.
- Marx, Karl. *The Economic and Philosophic Manuscripts of 1844*. International Publishers, 1964.
- . "Theses on Feuerbach." *The Marx-Engels Reader*, ed. Robert Tucker. W.W. Norton, Inc., 1978.
- McCoy, Alfred W. "Dark Legacy: Human Rights Under the Marcos Regime." *Memory, Truth-Telling and the Pursuit of Justice*. Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 2001.
- Medina, Belen T. G. *The Filipino Family: A Text with Selected Readings*. University of the Philippines Press, 1991.
- Mercado, Leonardo N. *Legal Philosophy: Western, Eastern, & Filipino*. Divine Word University Publications, 1984.
- Reyes, Soledad. *Pagbasa ng Panitikan at Kulturang Popular*. Ateneo de Manila Press, 1997.
- Robertson, Phil. "Another Spike in Philippines Drug War Deaths." *Human Rights Watch*, September 28, 2020, <https://www.hrw.org>.
- Rubin, Gayle. "The Traffic in Women: Notes on the 'Political Economy' of Sex." *Toward an Anthropology of Women*, ed. Rayna Reiter. Monthly Review Press, 1975.
- San Juan, E. "Panimulang Pagsubok sa Interpretasyon ng Panulat ni Lualhati Bautista." *Daluyan*, tomo xxvii, blg. 1, 2021, mp. 60–79.
- . "Paano Ginawa ang 'Bata, Bata...'" *Likhaan*, tomo 15, 2021, mp. 19–38.
- . "Gunita, Sakripisyo, Pagkilala't Kapatawaran: Barbarikong Maskulinismo at Politikang Seksuwal sa Desaparesidos ni Lualhati Bautista." *Kritika Kultura* (under consideration)
- . "U.S. Imperial Humanitarian Blessing: Torture of Women Political Prisoners in the Philippines." *International Marxist-Humanist Organization*, 21 August 2013, <https://imhojournal.org/articles/imperial-humanitarianism-women-prisoners-philippines-e-san-juan>.
- Siapno, Jacqueline. "Alternative Filipina Heroines: Contested Tropes in Leftist Feminisms." *Bewitching*

- Women, Pious Men: gender and Body Politics in Southeast Asia*, mga ed. Ong, Aihwa at Michael Peletz. University of California Press, 2016.
- Sicat Cleto, Luna. "Pagluluwal ng Buhay: Panulat, Pighati, Laban: Isang Panayam kay Lualhati Bautista." *Likhaan* 5. University of the Philippines Creative Writing Center, 2011.
- Thomson, George. *The Human Essence*. China Policy Study Group, 1974.
- Torres-Yu, Rosario. "Re-imahinasyon ng Ina sa Panitikan ng Kababaihan: Isang Imbestigasyon sa Ideolohiyang Maternal sa Panitikan." *Kilates*, ed. Rosario Torres Yu. University of the Philippines, 2006.
- . *Alinagnag*. University of Santo Tomas Publishing House, 2011.
- Vogel, Lise. *Marxism and the Oppression of Women: Toward a Unitary Theory*. Rutgers University Press, 1983.